

# Tamang Sagot

## PhilHealth Circular No. 2016-010

Subject: Asia United Bank (AUB) Not Yet Accredited to Collect Contributions Overseas

---

1. **Ang Asia United Bank (AUB) ba at mga partner nito ay maaaring mangolekta ng premium contribution ng Overseas Filipinos abroad?**

**Sagot:** Hindi maaaring mangolekta o tumanggap ng OFW contributions ang AUB o maging ang mga tie-ups nito abroad.

2. **Kung dito sa Pilipinas, maaari bang magbayad ang OFW ng premium contribution sa AUB?**

**Sagot:** Opo, ang AUB ay maaaring tumanggap ng OFW premium kung dito sa Pilipinas magbabayad.

3. **Magkano ang premium rate na maaring bayaran ng OFW sa AUB sa Pilipinas?**

**Sagot:** Ang premium rate na maaaring bayaran ng OFW sa AUB ay Php 2,400.00 bilang kabayaran sa isang buong taon kontribusyon o P4,800 bilang kabayaran sa dalawang taong kontribusyon.

4. **Bakit hindi maaaring mangolekta ng PhilHealth premium contributions ang Asia United Bank at mga partners nito sa ibang bansa?**

**Sagot:** Sapagkat ang pahintulot na nakasaad sa kasalukuyang kasunduan or Collection and Remittance Agreement (CRA) ng AUB at PhilHealth ay angkop lamang sa lokal na pangungolekta.

5. **Kailan ito isasakatuparan at magiging epektibo?**

**Sagot:** Ito ay epektibo nuong April 14, 2016.

6. **Kung nais ng OFW member na magbayad ng kanyang contribution sa alinmang sangay ng AUB dito sa Pilipinas, tatanggapin ba ito ng AUB?**

**Sagot:** Opo, tatanggapin po ito ng AUB.

7. **Kung magbabayad ng kontribusyon ang OFW member anong dokumento ang kailangang ipakita ng sa AUB dito sa Pilipinas?**

**Sagot:** Wala ng dokumentong kailangan ipakita sa AUB, subalit kailangan nyang mag fill-out ng PhilHealth Premium Payment Slip (PPPS) na makukuha sa din sa AUB. Punan ng tama ang PPPS gaya ng: Panggalan, PIN, applicable period , halaga ng premium at lagyan ng tsek ang member type na OFW. Ibigay sa awtorisadong cashier upang magbayad. Hintayin ang resibo o PhilHealth Acknowledgement Receipt (PAR) bilang katunayan ng pagbayad.

**8. Kung may karagdagang tanong tungkol sa bagong polisyang ito, saan maaaring magtanong ang isang OFW?**

**Sagot:**

Maaaring tumawag ang OFW member sa PhilHealth Call Center sa Telepono bilang 441-7442 o mag email sa [ofp@philhealth.gov.ph](mailto:ofp@philhealth.gov.ph)